



## Hakbang 2: Kung natutugunan mo ang lahat ng pitong sertipikasyon sa Hakbang 1, pirmahan at petsahan ang Deklarasyon.

- Ang bawat nasa hustong gulang sa paupahan, kasunduan sa upa, o kontrata sa pabahay na tumutugon sa mga kondisyong nakasaad sa Hakbang 1 ay dapat pirmahan ang Deklarasyon. Sa ilang pagkakataon, gaya ng mga indibidwal na magpa-file ng pinagsamang tax return, maaaring maging angkop para sa isang miyembro ng sambahayan na magbigay ng pinagtibay na deklarasyon sa ngalan ng ibang mga residenteng nasa hustong gulang sa paupahan, kasunduan sa upa, o kontrata sa pabahay na may problema. Maaari mong gamitin ang Deklarasyon ng CDC, na magagamit dito: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/declaration-form.pdf>.

## Hakbang 3: Ibigay ang may pirmang kopya ng Deklarasyon sa iyong landlord o PHA.

- **Mahalaga!** Kung hindi mo pipirmahan at isumite ang Deklarasyon sa iyong landlord o PHA, maaari ka pa ring mapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa sa pagitan ng Setyembre 4, 2020 hanggang Disyembre 31, 2020. Gayunpaman, kinakailangan ka ng Deklarasyon na sertipikahin ang makatotohanang impormasyon sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling. Nangangahulugan ito na ang anumang mga mali o mapanlinlang na pahayag o hindi pagsama ng impormasyon ay maaaring magresulta sa mga kriminal o sibil na aksyon para sa mga multa, parusa, bayad-pinsala, o pagkakakulong, kaya **mangyaring tiyakin na natutugunan mo ang LAHAT ng sertipikasyon sa Hakbang 1 bago pirmahan ang Deklarasyon.**
- Kung ang pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa ay nagsimula bago ang ika-4 ng Setyembre ngunit hindi pa rin nakukumpleto, maaari mo pa ring pirmahan at isumite ang Deklarasyon sa iyong landlord o PHA upang maprotektahan mula sa pagpapaalis.
- Kung maaari, ipadala ang Deklarasyon sa pamamagitan ng email o iba pang paraan na nagbibigay ng resibo nang sa gayon ay may rekord na ipinadala mo ito. Halimbawa, ang isa pang paraan ay maaaring sa pamamagitan ng sertipikadong koreo sa pamamagitan ng US Postal Service na may resibo ng pagbabalik na hiniling. Magtabi rin ng kopya ng iyong (mga) pinirmahang Deklarasyon para sa iyong mga rekord, kabilang ang petsa at oras na ito ay ipinadala o inihatid sa iyong landlord o PHA.
- Ang mga kasali sa voucher ay maaaring naisin din na ibigay ang Deklarasyon sa iyong PHA at pati na rin sa iyong landlord.

## Mangyaring isaisip:

- Kung mababayaran mo ang iyong upa o makakapagbayad ng bahagi ng upa, kailangan mo pa rin itong gawin.
- Ang pagsuspindi ng mga pagpapaalis sa Utos ng CDC ay naiiba sa nagtapos na ngayong pagsuspindi sa mga pagpapaalis sa CARES Act<sup>1</sup>. Ang pagsuspindi ng mga pagpapaalis sa CARES Act ay nagtapos noong Hulyo 24, 2020. Ang pinakamalaking mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawa ay, sa ilalim ng Utos ng CDC: (1) ang mga nangungupahan ay kinakailangang pirmahan ang Deklarasyon na kasama ang lahat ng pitong sertipikasyong poprotektahan mula sa pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa at (2) maaaring singilan ang mga nangungupahan ng mga singil para sa nahuling bayad, multa at iba pang singil dahil sa hindi nabayaran upa.
- Maaaring magagamit sa iyo ang iba pang mga proteksyon kung ang iyong pang-Estado, lokal, o teritoryal na awtoridad ay nagpataw ng mas matagal o mas mahigpit na pagsuspindi sa mga pagpapaalis na nagbibigay ng pareho o mas malaking antas ng proteksyon sa pampublikong kalusugan kaysa sa mga kinakailangan na nakalista sa Utos ng CDC.
- Kinakailangan ka pa ring sundin ang lahat ng iba pang mga tuntunin sa iyong pag-upa at mga patakaran sa kung saan ka naninirahan. Maaari pa ring mapaalis ang mga nangungupahan dahil sa mga aktong kriminal, iba pang mga akto, o mga paglabag sa paupahan.

## Mga Tips sa Pakikipag-usap sa Iyong Landlord o PHA:

Kung nahihirapan kang magbayad ng upa o hindi na makapagbayad, agad na makipag-ugnay sa iyong landlord upang pag-usapan ang iyong mga opsyon. Sa panahon ng kahirapan sa pananalapi, maaaring nakakaranas din ng mga hamon ang iyong landlord. Subukang makipag-usap sa kanila nang malinaw at kalmado. Narito ang ilang tips na makakatulong sa paggabay sa inyo sa pakikipag-usap sa iyong landlord:

- Maging totoo tungkol sa iyong kalagayan. Kung ikaw ay naapektuhan ng COVID-19 o ng ibang mga kahirapan, ibahagi kung paano naapektuhan ang iyong kita. Ang mga kasali sa pampublikong pabahay at mga kasali sa voucher ay dapat makipag-ugnay sa inyong PHA sa lalong madaling panahon upang pag-aralan ang kasalukuyan mong kita at ayusin ang iyong kabayaran sa upa.
- Isaalang-alang ang pagbanggit sa anumang mga mapagkukunan at opsyong tulong na natagpuan mo.
- Ipaliwanag kung paano maapektuhan ang iyong pamilya sa pagkawala ng tahanan.
- Magtanong tungkol sa mga kaayusan sa pagbabayad.
- Itabi ang anumang pag-uusap sa email at text at gumawa ng tala sa kung kailan kayo nag-usap sa telepono o nang personal.

<sup>1</sup> Isinabatas sa Seksyon 4024 ng Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act, 2020 "CARES Act" (Batas sa Tulong, Ayuda, Seguridad na Pangkabuhayan sa Panahon ng Coronavirus 2020, Pampublikong Batas 116-136).